


Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pahayag Mo, Paliwanag Ko



Filipino – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode **kalawang Markahan – Modyul 7: Pahayag Mo, Paliwanag Ko**
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293 ng Seksiyon 176, hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Mercy T. Andujar, Knith Joy G. Ponce
Editor:	Josephine L. Tomboc, Susan S. Bellido
Tagasuri:	Mario Shoji N. Romarate, Alma M. Beton
Tagapamahala:	Ruth L. Fuentes Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Majarani M. Jacinto Juliet A. Magallanes Florencio R. Caballero Alma D. Belarmino

Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Filipino

Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pahayag Mo, Paliwanag Ko

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag -aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.


Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Halika, sasamahan kita sa iyong paghakbang sa bago mong karanasan sa pagkatuto gamit ang modyul na ito. Sabay nating alamin kung paano inihanda at dinisenyo ang modyul na ito para sa paglinang ng iyong kakayahan sa pagbasa at pag-unawa. Huwag kang magdalawang isip na gamitin ang pagkakataong ito na mapaunlad ang iyong mga kakayahang maipakiliwanag ang bisa ng nabasang akda sa iyong sariling kaisipan at damdamin. Sa dulo ng karanasan ito ay makakamit mo ang kakayahang nabanggit sa ibaba:

- naipapahayag ang damdamin sa napakinggang akda


Tandaan mong kasama mo ako sa paglalakbay na ito.

Pansinin mo ito. Ano kaya ang mararamdaman mo o kaya ay maiisip mo tungkol sa mga pahayag na ito?

- Marami ang may sabi na unti-unti nang nawawala ang kagandahang asal ng mga kabataan ngayon.
- Ang social media ay tambakan ng parehong basura at ginto.

May epekto ba ang mga pahayag na ito sa iyo?

.



Subukin

Kaya mo ito!

Huwag kang mag-alala kung hindi mo man masagot nang tama ang mga tanong sa bahaging ito. Ito ay paunang pagsusulit lamang upang malaman mo kung ikaw ba ay may imbak nang kaalaman ukol sa aralin, at kung wala man ay malalaman mo kung gaano pa ang dapat mong matutuhan. Ituloy mo lamang ang paghakbang sa bagong karanasang ito. Gagabayan kita hanggang dulo.



Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang mga pahayag/teksto at mga katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

_____ 1. “Yehey! Pasado ako sa pagsusulit” Anong damdamin ang ipinahahayag sa pangungusap?

- a. masaya b. nanlulumo c. humahanga d. malungkot

_____ 2. Anong damdamin ang ipinamalas sa pangungusap na ito?
“Ano ba! Huwag ka ngang makialam!”

- a. pag-asa b. masaya c. pagtangga d. inis

_____ 3. “Pasensya na! Pero ayaw kong makisali sa gawaing masama!” Anong damdamin ang ipinamalas sa pangungusap na ito?

- a. pag-asa b. masaya c. pagtangga d. galit

_____ 4. Anong damdamin ang nangingibabaw sa pangungusap na ito?
“Natutuwa ako at nakinig ka rin sa aking payo.”

- a. pag-asa b. masaya c. pagtangga d. galit

_____ 5. Anong damdamin ang ipinamalas sa pangungusap na ito “Sana nga magkaroon ng katuparan ang iyong mga pangarap.”

- a. pag-asa b. masaya c. humahanga d. galit

_____ 6. Anong ugali ang ipinakita ng tauhan batay sa teksto sa ibaba?

Isang dalaga ang labis na nahumaling sa paglalaro ng Mobile Legend at hindi na halos tumutulong sa gawaing bahay. Inutusan siya ng kanyang ina maghugas na muna ng pinggan ngunit hindi parin siya kumilos. Kinuha ng ina ang selpon ng anak at hindi na ito maaring gumamit ng gadget sa buong linggo.

- a. katapangan b. pagkamasunurin c. pasaway d. masayahin

_____7. Batay pa rin sa pahayag sa bilang 6, aling pangungusap ang naglalarawan na nilabag ng tauhan ang kaniyang magulang?
a. una b. pangalawa c. pangatlo d. pang-apat

_____8. Habang binabasa mo ang tekstong ito, anong damdamin ang nangingibabaw sa iyong katauhan?
a. lungkot b. pagkadismaya c. pananabik d. kaba

_____9. Mula sa tekstong nasa loob ng kahon, ano ang nararamdaman ng matanda kung kaya siya ay humingi ng tulong mula sa kanyang pagkakahulog?
a. takot b. lungkot c. galit d. pagtataka

May magsasakang ginabi sap ag-uwi dahil sa matinding pag-ulan. Naglalakad ang magsasaka na mula sa kanyang lupain na may kalayuan mula sa bayan. Hindi niya napansin na lumihis na pala siya sa daan at nahulog siya sa isang hukay na tambakan ng mga patay na hayop. Nagpumilit na makaahon mula sa maputik na hukay ang matanda at sumigaw nang buong lakas.

_____10. Bakit kinailangan ng matanda na sumigaw?
a. para marinig b. para makita c. para makaligtas d. lahat ng nabanggit

Aralin 1

Pag-unawa sa Binasa



Humakbang ka pa! Nakatutuwa ang ipinakita mong galing sa katatapos na gawain. Alam kong sabik ka ring maipagpapatuloy ang iyong karanasan sa pagkatuto sa araw na ito. Pero bago 'yun, sabay muna nating balikan ang nakaraang leksiyon. Natutuhan mo na ang pagpapakahulugan ng mga salita at maging ang mga sinisimbolo ng mga salita sa mga pahayag. Tingnan natin kung naalala mo pa ang mga ito. Mahalaga ito upang mapalawak mo pa ang iyong kakayahan sa pang-unawa.

Gagabayan pa rin kita hanggang mapagtagumpayan mo ang gawaing ito.

Ang pag-unawa sa binasa, higit sa lahat ang kakayahang maipaliwanag ang mensahe ng akda ay mahalagang kakayahan na kailangan mong malinang. Sa araling ito ay mas mapapalawak mo pa ang iyong kakayahang maipahayag ang damdamin, pag-unawa at maipaliwanag ang bisa ng akdang mababasa at iba pang teksto batay sa bisa nito sa sariling kaisipan at damdamin.



Balikan

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na mga pahayag at sagutin ang mga tanong. Titik lang ang isusulat sa patlang.

Ina

Ni: Mercy T. Andujar

Ang ina ay ilaw at lakas ng tahanan
May malambot na puso
Ngunit siya ay malakas na sandalan ng lahat
Masipag, matapang at matulungin
Mapagpatawad at mapag-aruga sa lahat ng mga anak
Malinis ang puso maging sa pag-ibig sa Diyos
Manining na tala na nagdadala ng tuwa.

- _____ 1. Sino ang inilarawan sa akda?
a. bituin b. ang ina c. tala d. umaga
- _____ 2. Saan inihahalintulad ang ina?
a. sa tanawin b. sa puso c. sa ilaw d. sa gawain
- _____ 3. Ano ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit?
a. tapat sa pagmamahal c. masarap magmahal
b. malinis sa katawan d. ayaw na muna magmahal



Mga Tala para sa Guro

Sa pamamagitan ng modyul na ito ay maipapagpapatuloy ng bawat mag-aaral ang mga gawain sa pagkatuto at mabibigyan sila ng pagkakataon na malinang ang iba't ibang kakayahan sa pag-unawa sa kabila ng pandemya.

Nakasalalay sa tamang paggabay ang tagumpay ng modyul na ito. Gawing magaan at masaya ang mga pamamaraan sa pamimigay at pagkuha ng modyul na ito sa lahat ng mga mag-aaral. Nawa ay pagpalain tayo ng Maykapal.



Tuklasin

Magpapatuloy pa tayo. Sabay nating alamin ang mga kuwsentong “Naisahan Ako ng Aking Diyos at ng isang mag-aaral na hindi sumusuko sap ag-abot ng kanyang tagumpay.

Nasasabik akong malaman kung ano ang magiging epekto ng akdang ito sa iyong sariling damdamin at kaisipan. Simulan na natin ang gawain, tara na!



Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang akdang Kapag Naisahan Ako ng Aking Diyos sa pahina 76-78 ng Panitikang Pilipino Para sa Baitang 9.

Magaling! Natapos mo nang buong husay ang pagbabasa ng akdang ito. Nakatitiyak akong nagustuhan mo ito. Halika! Sagutin natin ang mga tanong nang may kasiglahan. Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Anong damdamin ang nagingibabaw sa akda?
2. Paano mo mailalarawan ang iyong nararamdaman habang binabasa ang akda?
3. Kung ikaw ang nasa katayuan ng nagsasalita, iisipin mo rin bang iniisihan ka ng iyong Diyos? Bakit? Bigyan ng patotoo ang iyong sagot.



Binabati ulit kita! Sa ipinakita mong kasiglahan sa una nating gawain. Patunay lamang ito na handang-handa ka na rin para sa susunod. Kayang-kaya mo ito! Kaya ituloy mo lang.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang maikling kuwentong “Si Cita na Hindi Sumusuko” ni Mercy T. Andujar.

Si Cita na Hindi Sumusuko

Ni: Mercy T. Andujar

Isinilang si Cita sa gitna ng kadukhaan. Lumaki at nagdalaga siya sa lalo pang mahirap na kalagayan. Sa kabila nito ay hindi kakitaan ng panghihina at kalungkutan si Cita. Palaban siya at positibo ang pananaw sa buhay. Sa kanyang pagtatapos ng hayskul kinausap siya ng kanyang ina, “anak hindi na kita kayang pag-aralin pa, maghanap ka muna ng mapapasukan anak, magtulungan tayong mapag-ipunan ang iyong pag-aaral.’

Nalungkot si Cita sa kanyang narinig at naawa sa ina. “Inang, kaya ko na po ang aking sarili, payagan po ninyo akong maghanap ng mapagtrabahuan at isasabay ko na rin ang aking pag-aaral.” Nag-alinlangan man ang ina ay pumayag parin ito sa hiling ng anak kahit masakit man sa kanya na mawalay dito.” Ulila na sa ama si Cita kaya ang mag-ina ang magkatuwang sa buhay. May tatlo pa siyang mga mas batang kapatid na pawang nag-aaral din.

Minsan lang sa isang taon nakakauwi si Cita mula sa amo nitong may-ari ng isang karenderya. Tiniis ni Cita ang paggising ng madaling araw at pagtulog ng hating-gabi para sa pagkamit ng kanyang pangarap na matulungan at maiahon ang pamilya sa kahirapan.

Maraming pagkakataon na naiinggit siya sa mga dalagang kaedad niya na masayang kumakain kasama ang kanilang pamilya at nagagawa ang mga gusto nila nang walang ibang iniisip. “Darating din ang araw na maisasama ko ang aking mga kapatid at si Inay sa isang mamahaling restawran,” bulong ni Cita sa sarili at ito na rin ang nagbibigay sa kanya ng ibayong lakas upang ituloy ang pangarap at tiisin ang hirap ng pagtatrabaho habang nag-aaral.

May mga pagkakataon na hindi na nakakaligo si Cita sa dami ng mga gawaing iniatas sa kanya, minsan ay napaglipasan na rin siya ng gutom para lang matapos ang gawain at maiwasan ang tindi ng galit ng amo kapag hindi niya nagagawa ang bagay na iniuutos sa kanya.

Lumipas ang maraming buwan at mga taon nalalapit na ang pagtatapos ni Cita sa kursong Computer Science at may ipinangako na ring trabaho sa kanya ang kanyang propesor dahil sa ipinakita nitong kasipagan at galing sa klase.

Sa wakas naabot din ni Cita ang inaasam na tagumpay. “Ipinagmamalaki kita anak sa iyong lakas ng loob at determinasyon, sa kabila ng ating kahirapan ay nakapagtapos ka ng pag-aaral at hindi ka sumuko.’ Nagawa rin ni Cita na ilipat ng mas komportableng tirahan ang ina at mga kapatid at siya na rin ang nag-paaral sa mga ito. Patunay si Cita na makakamit ng tao ang kanyang ninanais kung siya ay may tiwala sa Diyos at pagpursige sa buhay.



Suriin

Ang akdang nabasa ay isang maikling kuwento na nakasentro sa buhay ng isang mag-aaral na hindi sumusuko sa kahirapan at nagsumikap upang makamit ang tagumpay at maiahon ang pamilya sa kahirapan. Ganun din ang akdang “Kapag Naiisahan Ako ng Aking Diyos,” na tumatalakay sa taong kontrolado at pinaplano ang sarili ngunit nabatid niya na ang Diyos parin ang higit na nakaklaalam at mahalagang manalig at magtiwala sa Kanya.

Binibigyan ng pokus dito ang mga pangyayari na hahasa sa iyong kakayahang umunawa. Sa pagkapkata ong ito mapapatunayan mo kung gaano kalawak ang iyong naunawan. Ano ba ang naging bisa nito sa iyong kaisipan? Nabago ba ang iyong natutunan mula sa nagdaang talakayan? Ano ang naging bisa ng mga akdang ito sa iyong damdamin? Sumasang-ayon kaba sa ikinikilos ng mga tauhan o taliwas ito sa iyong pananaw. Nagkaroon ba ng bisa ang mga akdang ito sa iyong katauhan? Nagkaroon ka ba ng mas malawak pag-unawa sa kahulugan ng lakas ng loob at naunawaan moa ng kasamaang dulot ng pagpapabaya?

Bago ka magpatuloy ay sagutin mo muna ito. Lagyan mo ng tsek ang puwang ng iyong sagot sa iyong sagutang papel.

Naintidihan mo ba ang akda?

Oo _____

Hindi gaano _____

Hindi, kailangan kong basahin ulit _____

Natutuwa ako sa iyong katapatan sa pagsagot. Ngayon alam kong handa ka na para sagutin ang mga tanong bilang pagsusuri kung gaano mo inuunawa ang akdang ito at kung gaano ito nakaapekto sa iyong pag-iisip at damdamin.

Higit mo pang maunawaan ang ating aralin habang isinasagawa mo ang mga sumusunod:

Ituloy mo lang! Patuloy din akong gagabay sa iyo.

Panuto: Isulat mo kung paano nakaapekto sa iyo ang nabasang akda batay sa mga sumusunod:

1. May naalala ka bang pangyayari na hawig sa mga pangyayari sa akda? Ano ito?

2. Sa persepsyon ng mga magulang, anong damdamin kaya ang nararamdaman sa huling bahagi ng akdang ito? Ipaliwanag.

3. Aling pangyayari ang higit mong maiuugnay sa iyong sariling karanasan?

Mahusay ang iyong ginawa! Naipahayag mo nang maayos ang naging bisa ng akdang ito, “Si Cita na Hindi Sumusuko” batay sa iyong sariling kaisipan at damdamin. Mahalaga rin sa iyong kakayahang umunawa ang pagkilala sa damdaming namayani sa isang akda.

Pansinin mo ito!

Ang damdamin ay isang pandama, pakiramdam, personal na opinyon o ideya tungkol sa isang bagay, palagay, kuro, pakikiramay, anumang pakiramdam na sinasabing hindi bunga ng pag-iisip gaya ng pag-ibig, galit o lungkot, niloloob o anumang opinyong nagmula sa puso.

Ang pagpapahayag ng damdamin o emosyon ay may iba’t ibang paraan. Natatangi ang pagpapahayag ng damdamin sa iba’t ibang paraan sapagkat ginagamit ang bantas na padamdang (!) sa pagpapahayag nito

Narito ang ilan sa mga halimbawa na nagpapahayag ng sariling emosyon o damdamin:

1. Damdaming nagpapahayag ng paghanga.

Hal:

Wow! Ang ganda mo ngayon.

2. Damdaming nagpapahayag ng pagkagulat.

Hal:

Ay! Nabasag ang baso.

3. Damdaming nagpapahayag ng pagkatakot.

hal:

Naku po! May lumitaw yata ritong bangkay.

4. Damdaming nagpapahayag ng kasiyahan.

Hal:

Yehey! Pasado ako sa pagsusulit.

5. Damdaming nagpapahayag ng pag-asa.

Hal:

Sana nga! Magkaroon ng katuparan ang iyong mga pangarap.


6. Damdaming nagpapahayag ng galit/ inis.

Hal:

Ano ba! Huwag ka ngang makialam.

Sagutin ang katanungan: Isulat sa iyong sagutang papel.

1. Ipaliwanag ang damdaming nangingibabaw sa nabasang akda? .



Pagyamanin



Higit mo pang malilinang ang iyong kakayahang maipahayag ang damdamin, pag-unawa at maipaliwanag ang bisa ng akdang nabasa sa pamamagitan ng iyong masigasig na pagtugon sa bahaging ito.

Pansinin Mo

Panuto: Basahin mo ang mga bahaging nagmula sa akdang iyong nabasa at sagutin ang mga tanong nang buong katapatan.

Tiniis ni Cita ang paggising ng madaling araw at pagtulog ng hating-gabi para sa pagkamit ng kanyang pangarap na matulungan at maiahon ang pamilya sa kahirapan

Ano ang nararamdaman mo sa bahaging ito ng akda? Bakit?

May mga pagkakataon na hindi na nakakaligo si Cita sa dami ng mga gawaing iniatas sa kanya, minsan ay napaglipasan na rin siya ng gutom para lang matapos ang gawain at maiwasan ang tindi ng galit ng amo kapag hindi niya nagagawa ang bagay na iniutos sa kanya.

Sa bahaging ito, ipinakita ba na pinahalagahan ni Cita ang kanyang kinabukasan? Naging makatarungan ba ang kaniyang mga kilos?

Oo _____

Hindi _____

Ipaliwanag:

. “Ipinagmamalaki kita anak sa iyong lakas ng loob at determinasyon, sa kabila ng ating kahirapan ay nakapagtapos ka ng pag-aaral at hindi ka sumuko.’

Nang mabasa mo ang bahaging ito, ano ang tumatakbo sa isip mo?

Ipaliwanag:

Panuto: Itala mo ang mga pangyayari sa kuwentong “*Si Cita na Hindi Sumusuko*” na kung saan nagkaroon ka ng iba’t ibang reaksiyon at ipaliwanag kung bakit.

Sa aling pangyayari sa akda na ikaw ay nakaramdam ng inis? Bakit?

Aling bahagi ng akda kung saan nakaramdam ng panghihinayang? Ipaliwanag.

Binabati ulit kita sa iyong matagumpay na pagtugon sa mga gawain. Ang ipinakita mong sipag sa pag-aaral ay malaking bagay upang makamit ang mga layunin sa modyul na ito.



Isaisip




Tara na! Lawakan pa natin ang iyong natutuhan, kapansin-pansin na ang iyong kaalaman sa pagpapahayag ng bisa ng akda sa iyong sariling damdamin at kaisipan. Ngayon ay mas bigyang diin natin ang pagpapahayag ng damdamin sa iyong mababasa o kaya ay marinig na akda.

Laging Tandaan...

Ang pagpapahayag ng damdamin o emosyon ay tumutukoy sa damdamin na kung saan ang pandama, pakiramdam, personal na opinion o ideya na tungkol sa isang bagay, palagay, kuro, pakikiramay, anumang pakiramdam na sinasabing hindi bunga ng pag-iisip gaya ng pag-ibig, galit o lungkot na niloloob o anumang nagmula sa puso.

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng pagpapahayag ng emosyon upang maging gabay sa pagpapahayag ng damdamin ukol sa isang akda. Tandaan ding hindi mo maibigay o makuha ang damdamin kung hindi mo naunawaan ang nilalaman ng akda.

1. Damdaming nagpapahayag ng Paghanga
2. Damdaming nagpapahayag ng Pagkagulat
3. Damdaming nagpapahayag ng Pagkatakot
4. Damdaming nagpapahayag ng Kasiyahan
5. Damdaming nagpapahayag ng Pag-asa
6. Damdaming nagpapahayag ng Galit



Isagawa

Push mo pa 'to!

Maganda ang ipinakita mong kasiglahan sa pagsagawa sa mga naunang bahagi ng modyul



1. Sa pinagdaanang hirap ni Cita, alin dito ang tumatak sa iyong isip at damdamin at bakit?

Damdamin ko, ipahayag ko!

Panuto: Pumili ng smiley sa ibaba bilang kinatawan sa iyong damdamin habang binabasa ang akdang *Si Cita na Hindi Sumusuko* at ipaliwanag kung bakit mo



Paliwanag:

Ikonek mo! Ituloy mo lang ang iyong masigasig na pagsasagawa ng mga pagsasanay na ito para sa iyong higit na pagkatuto. Gagabayan pa rin kita hanggang dulo.

Panuto: Buoin mo ang mga pahayag sa pamamagitan ng pagpupuno ng inyong sagot sa patlang. (mula sa iyong nabasang *Si Cita na Hindi Sumusuko*)

1. Inakala ni Juan na hindi na darating ang araw na maghihirap sila, ngunit

2. Sa halip na mag-aral at tumulong sa kabuhayan ng mga magulang si Juan naman sa kabaligtaran ay -

3. Ang pagkamatay ng ama ni Juan at pagkaubos ng kanilang kabuhayan ay nagpapakita ng katotohanan na ---

B. Kung ipo-post mo sa iyong *facebook account* ang iyong reaksiyon sa kinasapitan ni Juan sa akda, ano ang iyong magiging *post*?





Tayahin

Yeheyyy... Nalalapit ka na sa pagtatapos ng modyul. ~~na ito~~. Nakatutuwa ang iyong ipinakitang kasiglahan hanggang ngayon kaya siguradong magiging madali sa iyo ang pagsusulit na ito.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na mga pahayag o katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

_____ 1. “Inang, kaya ko na po ang aking sarili, payagan po ninyo akong maghanap ng mapagtrabahuan at isasabay ko na rin ang aking pag-aaral.”

Bakit ganito ang sinabi ni Cita sa kanyang ina? Ano ang ipinakita niyang pag-uugali?

- A. Ayaw niyang mag-aalala ang ina at gusto niyang makatulong.
- B. Sobrang kampante siya sa kanyang kakayahan.
- C. Galit siya sa ina at ayaw na niya itong makita.
- D. Matapang si Cita at gusto niyang lumayo.

_____ 2. “Ipinagmamalaki kita anak sa iyong lakas ng loob at determinasyon, sa kabila ng ating kahirapan ay nakapagtapos ka ng pag-aaral at hindi ka sumuko.’

Anong damdamin ang nangingibabaw sa pahayag na ito?

- A. lungkot
- B. alinlangan
- C. pagmamalaki
- D. pasasalamat

_____ 3. Marami ang nahumaling sa tiktok, may mga matatanda at bata. Nakapagbibigay diumano ito sa kanila ng aliw at kasiyahan. Batay sa pahayag na ito, ang mga nagtitiktok ay nakaramdam ng –

- A. tuwa
- B. takot
- C. lungkot
- D. pagmamalaki

_____ 4. Laging trending ang loveteam na Donbelle at humakot ng maraming views ang IWant Series na He’s Into Her. Bakit nangyari ito? Anong damdamin ang nangingibabaw sa mga manonood sa kanila?

- A. pagkatuwa
- B. paghanga
- C. pananabik
- D. simpatiya

Tunghayan mo ang maikling anekdotang ito at sagutin ang mga katanungan bilang 5-9

Anekdotang Posporo

Ni: Gng. Mercy T. Andujar

Sa isang malayong lugar, may isang matanda na nakatira sa loob ng gubat. Ang matandang ito ay laging may dalang posporo saan man siya magpunta.


Isang hapon may binatang nagmamaneho ng magarang sasakyan na napatigil sa lugar na malapit sa kanyang kinaroroonan. Tumirik ang sasakyan nito at hindi na makausad. Nakita ng matanda ang binata at nilapitan. Papalubog na ang araw at malapit nang dumilim. Iniabot ng matanda sa binata ang posporo at sinabing gamitin niya ito.

Tinanggihan ng binata ang matanda dahil may flashlight naman siya at gumagana ang ilaw ng kotse. Umalis ang matanda at iniwan ang binata. Magdamag na nasa loob ng sasakyan ang binata at hindi ito kaagad nakatulog sa dami ng lamok at sa gutom.

Pagsikat ng araw ay nagising ang binata, napansin niya ang posporo na inabot ng matanda. Binuksan niya ito at laking gulat niya nang may kakaiba itong laman at nagsasaad na 'lahat ng iyong hiling ay ibibigay sa bawat pagsindi mo.' Sinubok ng binata ang pagsindi at humiling ng pagkain. Laking gulat nalang niya nang nagkatotoo ito. Nanghinayang ang binata sa kanyang pagtanggap dito.

- _____ 5. Ano ang natutuhan mo sa akda?
- A. maging magalang at mabait
 - B. magbigay galang at matutong magpasalamat
 - C. kilalanin ang mga taong kaharap
 - D. maging positibo lang
- _____ 6. *Tinanggihan ng binata ang tulong ng matanda.* Anong damdamin ang maaring nangibabaw sa puso ng matanda sa bahaging ito? Bakit?
- A. Nalungkot dahil naawa siya sa katigasan ng binata.
 - B. Nanghinayang, dahil hindi tinanggap ang tulong niya.
 - C. Nagalit dahil hindi man lang kinilala ng binata ang tulong niya.
 - D. Dismayado sa ipinakita ng binata.
- _____ 7. Bakit nanghinayang ang binata sa hindi niya pagtanggap sa tulong ng matanda?
- A. Hindi sana siya nagutom at nakagat ng lamok.
 - B. Hindi niya nakausap ang matanda.
 - C. Hindi niya nabigyan ng tulong ang matanda.
 - D. Natagalan ang kanyang biyahe.
- _____ 8. Anong katotohanan ng buhay ang ipinakita ng akda na iyong napapansin kahit sa panahon natin ngayon?
- A. Maraming masamang tao sa mundo.
 - B. Pinahalagahan ng tao ang mga materyal na bagay kaysa sa tao.
 - C. Lagi pa ring umuulan kahit saan.
 - D. May mabubuti pa ring tao sa mundo.

- _____ 9. Anong ugali ng matanda ang hinahangaan mo at bakit?
- A. Mapagkumbaba siya.
 - B. Mapagkumbaba siya dahil hindi man lang siya nagpakilala.
 - C. Maginoo siya dahil hindi man lang siya nagalit.
 - D. Suplado siya dahil hindi man lang siya nagpakilala.
- _____ 10. Aling damdamin ang ipinakita sa pangungusap na ito: “Pasensya na! pero ayaw kong makisali sa gawaing masama!”
- A. galit
 - B. umaasa
 - C. masaya
 - D. pagtangga



Karagdagang Gawain


Masaya ako at nakasama kita sa karanasan mong ito. Sana ay naging masaya ka rin. Bago mo ibalik ang modyul na ito ay tanggapin mo muna ang masayang hamon ng karagdagang gawain para sa iyong higit na pagkatuto.

Panuto: Mamili ka ng dalawang paksa mula sa agpipilian. Babasahin mo ito sa internet o di kaya ay sa mga magasin, pampaaralang papel o sa pahayagan. Isulat ang mga bagay na nakapagbibigay sa iyo ng mga bagong pananaw at damdamin sa iyong buhay, pag- aaral, pakikipagkaibigan o sa iyong mga mithiin.

Pagkahumaling ng mga Pilipino sa Korean Drama

- Ang pagbubukas ng pasukan sa buwan ng Agosto
- Ang pagbabago ng kalagayan ng pag-aaral ngayon
- Social media at Netflix

Wow na wow! Binabati ulit kita sa iyong matagumpay na pagtatapos sa modyul na ito. Alam kong gusto mo pang matuto kaya ipagpatuloy mo ang iyong paglalakbay sa sunod na modyul.



Susi sa Pagwawasto

Subukin	Tayahin	Balikan
1. a	1. A	1. b
2. d	2. C	2. c
3. c	3. C	3. a
4. b	4. B	
5. a	5. B	
6. c	6. Iahat ay tamang sagot	
7. b	7. B	
8. b	8. B	
9. c	9. A	
10. d	10. C	

Sanggunian

Aklat

Vibal Group, 2013) Panitikang Asyano, 5th Floor Mabini Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City Philippines

Elektronikong Sanggunian

Pixabay.illustrations happy faces emoticons smiley emoji. Mula sa
<https://pixabay.com/illustrations/happy-faces-emoticons-smiley-emoji-5049116/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph